

# Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo ng PHC - Talahuluganan ng mga Salita

Makikita ninyo dito ang mga kahulugan ng mga pangunahing salitang ginagamit sa Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo ng PHC. Kung wala kayong makitang sagot sa inyong tanong, mangyaring tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155.

## ***Pinagkuhanan ng mga Nakalista***

Ang impormasyon para sa mga sumusunod na item ay kinukuha mula sa mga tagapagbigay ng serbisyo kapag kinukumpleto nila ang kanilang aplikasyong sumali sa PHC at kada tatlong taon pagkatapos. Nakikipag-ugnayan din kami sa mga tagapagbigay ng serbisyo upang patunayan ang impormasyong ito taun-taon. Umaasa kami sa mga tagapagbigay ng serbisyo na sabihin sa amin kung nagbago ang impormasyong ito. Ang mga update na hindi ipinararating sa amin ng tagapagbigay ng serbisyo ay hindi maidaragdag sa direktoryo hanggang sa susunod na nakatakdang pagbeberipika.

1. Pangalan
2. Kasarian
3. Espesyalidad
4. Mga Pribilehiyo sa Ospital
5. Kinanaanibang Medikal na Grupo
6. Mga Sertipikasyon ng Lupon
7. Tumatanggap ng mga Bagong Pasyente
8. Mga Wikang ginagamit ng mga tagapagbigay ng serbisyo o tauhan ng klinika
9. Mga lokasyon ng opisina at numero ng telepono

## ***Tagapagbigay ng Pansuportang Serbisyo***

Kabilang sa tagapagbigay ng pansuportang serbisyo ang provider ng matibay na kagamitang medikal, physical therapist, occupational therapist, atbp.

## ***Espesyalidad***

Ang espesyalidad ay tumutukoy sa uri ng mga medikal na pangangalagang ipinagkakaloob ng doktor. Halimbawa, maaaring espesyalisado ang doktor sa family medicine, dermatology, cardiology, atbp. Kapag inilagay ng doktor ang espesyalidad sa kanilang aplikasyon para sumali sa PHC, sinisiyasat namin ang edukasyon at mga pagsasanay ng mga tagapagbigay ng serbisyo upang tiyakin na kwalipikado silang magkaloob ng pangangalaga sa sinabing espesyalidad. Maraming doktor ang makakatapos ng karagdagang edukasyon at pagsasanay sa kanilang larangan ng espesyalidad at tatanggap ng sertipikasyon. Pakitingnan ang Sertipikasyon ng Lupon sa ibaba.

## ***Sertipikasyon ng Lupon***

Ang sertipikasyon ng lupon ay nangangahulugan na nakumpleto ng doktor ang karagdagang edukasyon at pagsasanay sa isang larangan ng medisina at nakapasa sa isang eksaminasyon na nagpapatunay na isa siyang eksperto sa larangang ito. Ang impormasyong ito ay sinusuri ng American Board of Medical Specialties (ABMS) o mga iba pang lupon kapag kinukumpleto ng mga tagapagbigay ng serbisyo ang kanilang aplikasyon para sumali sa PHC at kada tatlong taon pagkatapos. Tinitingnan din namin ang impormasyong ito taun-taon sa pamamagitan ng paghiling sa mga tagapagbigay ng serbisyo na sabihin sa amin kung tama pa rin ba ang impormasyon. Kung gusto ninyo ng updated na impormasyon tungkol sa sertipikasyon ng lupon ng isang tagapagbigay ng

---

Upang alamin kung available ang mga tagapagbigay ng serbisyo, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng PHC sa (800) 863-4155

◆ = Sertipikado ng Board 🌐 = Nagsanay sa Kahusayang Pang-kultura. Tingnan ang Pahina 13 para sa paglalarawan sa mga code: 📞 **PEBIBRET**

serbisyo, bisitahin ang ABMS website sa [www.abms.org](http://www.abms.org). Pagkatapos ay mag-click sa link na “Is Your Doctor Certified? (Sertipikado ba ang Inyong Doktor?)”.

### **Edukasyon at Pagsasanay**

Kung mayroon kayong tanong tungkol sa edukasyon at pagsasanay ng isang doktor, makikita ninyo ang impormasyon sa website ng Medical Board of California sa [www.mbc.ca.gov](http://www.mbc.ca.gov) sa ilalim ng License Search (Paghahanap ng Lisensiya), o tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng PHC (800) 863-4155.

### **Klinikang Pangkalusugan sa Komunidad**

Ito ay isang klinikang may mga tauhan na grupo ng mga doktor at nurse na nasa isang komunidad.

### **Kinaaanibang Medikal na Grupo**

Ang panunungkulan, o medikal na grupo, na kinabibilangan ng tagapagbigay ng serbisyo.

### **Nakatalagang Ospital**

Ang ospital kung saan kayo ipadadala ng inyong tagapagbigay ng serbisyo kapag kailangan ninyo ng pang-inpatient na pangangalaga, maliban kung hindi available ang pangangalaga sa ospital na ito.

### **Mga Pribilehiyo sa Ospital**

Ang ospital kung saan naaprubahang magkaloob o mag-ayos ng pangangalaga ang tagapagbigay ng serbisyo.

### **Mga Wika ng Tagapagbigay ng Serbisyo**

Mga wikang bukod sa Ingles na ginagamit ng tagapagbigay ng serbisyo at iba pang tauhan sa klinika.

### **Mga Wika ng Tauhan**

Mga wikang bukod sa Ingles na ginagamit ng hindi pangklinikang tauhan sa opisina, hindi mga tagapagbigay ng serbisyo.

### **Address ng Tagapagbigay ng Serbisyo**

Ang lokasyon kung saan ipinagkakaloob ang mga serbisyo at pangangalaga.

### **Site Status ng Tagapagbigay ng Serbisyo**

- **Tumatanggap ng mga Bagong Pasyente:** Maaaring tumingin ng mga bagong pasyente ang site ng tagapagbigay ng serbisyo.
- **Tumatanggap ng mga Dati nang Pasyente:** Maaari lamang tumingin ang site ng tagapagbigay ng serbisyo ng mga pasyenteng dati nang nakatalaga sa site.
- **Available sa pamamagitan Lamang ng Rekomendasyon:** Maaari lamang tumingin ang site ng tagapagbigay ng serbisyo ng mga pasyenteng inirekomenda ng kanilang doktor sa pangunahing pangangalaga.
- **Available sa pamamagitan lamang ng ospital o pasilidad:** Hindi tumitingin ang tagapagbigay ng serbisyo ng mga pasyente sa loob ng opisina. Inaasikaso lamang ng tagapagbigay ng serbisyo ang mga pasyenteng tumatanggap ng pangangalaga sa isang ospital o pasilidad.
- **Hindi Tumatanggap ng mga Bagong Pasyente:** Hindi tumatanggap ang site ng tagapagbigay ng serbisyo ng mga bagong pasyente sa kanilang site.

---

Upang alamin kung available ang mga tagapagbigay ng serbisyo, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng PHC sa (800) 863-4155

◆ = Sertipikado ng Board 🌐 = Nagsanay sa Kahusayang Pang-kultura. Tingnan ang Pahina 13 para sa paglalarawan sa mga code: 🇵🇭🇮🇱 **P E B I B R E T**

Revised Date: March 8, 2019

**Uri ng Espesyalidad**

Pinahihintulutan ang paghahanap ayon sa medikal na espesyalidad ng tagapagbigay ng serbisyo, o sa uri ng pasilidad. Halimbawa, kung naghahanap kayo ng isang Dermatologist, piliin ang Dermatolohiya sa listahan. Tandaan: Ang ilang doktor ay maaaring may higit sa isang espesyalidad. Para sa mga pasilidad, halimbawa, kung naghahanap kayo ng isang ospital, piliin ang ospital.

**Mga Salitang Ginagamit sa mga Listahan ng Ospital**

Pinahihintulutan kayo ng Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo na maghanap ng mga ospital, klinika at iba pang mga pasilidad sa network ng PHC. Nasa ibaba ang listahan ng impormasyong makikita ninyo sa Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo tungkol sa isang ospital at kung ano ang ibig sabihin ng mga ito. Ang impormasyong ito ay ibinigay mismo ng ospital at ina-update kada tatlong taon o mas madalas ayon sa inire-report ng ospital. Nakikipag-ugnayan din kami sa mga ospital upang i-validate ang impormasyong ito taun-taon. Umaasa kami na sabihin sa amin ng ospital kung nagbago ang impormasyong ito. Ang mga update na hindi ipinararating sa amin ng ospital ay hindi mairaragdag sa direktoryo hanggang sa aming susunod na nakatakdang validation.

- **Ang Pangalan** ay tumutukoy sa pangalan ng ospital sa network ng PHC.
- **Ang Address** ay tumutukoy sa pisikal na lokasyon ng ospital sa network ng PHC.
- **Ang Telepono** ay tumutukoy sa numero ng telepono ng ospital sa network ng PHC.

**Mga Pinagmumulan ng mga Datos tungkol sa Kalidad ng Ospital**

Ang mga Datos tungkol sa Kalidad ng Ospital ay tumutukoy sa mga datos galing sa mga pinagmumulang kilala sa bansa o estado tungkol sa kalidad ng isang ospital sa network ng PHC. Kasama sa Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo ng PHC ang mga link sa mga datos tungkol sa kalidad mula sa The Leapfrog Group at Quality Check. Bina-validate ang impormasyong ito sa angkop na akreditadong entidad kada tatlong taon o mas madalas ayon sa report ng ospital.

**Akreditasyon ng Ospital**

Kapag dadaan ang isang ospital sa pagrerepaso upang suriin ng isang taga-labas na organisasyon ang kalidad ng mga sistema at proseso nito. Nakikipag-ugnayan ang PHC sa entidad na nagbibigay-akreditasyon upang alamin kung akreditado ang ospital kada 3 taon. Kasama sa Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo ang isang link sa entidad na nagbibigay-akreditasyon sa ospital.

**Mga Code para sa Wheelchair at Accessibility**

Ang impormasyong ito ay para sa mga tao na may mga kapansanan upang tulungan silang maghanap ng opisina ng madaling mapuntahan. Bawat opisina ay sinusuri sa lebel ng pag-access para sa pagpaparada ng sasakyan, gusali, elevator, silid pang-eksaminasyon ng opisina ng doktor, at mga banyo.

**Mga Antas ng Access**

**Mga Accessibility Code** (tingnan ang pahina 13 para sa paglalarawan sa mga code: **♿ P EB IB R E T**)

**Pangunahing Access**

Natutugunan ng opisina ang mga pamantayan sa ibaba para sa pagpaparada ng sasakyan, labas at loob ng gusali, mga banyo, mga silid pang-eksaminasyon (P, EB, IB, R, at E).

**Limitadong Access**

Hindi natutugunan ng opisina ang isa o higit pa sa mga pamantayan para sa pagpaparada ng

---

Upang alamin kung available ang mga tagapagbigay ng serbisyo, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng PHC sa (800) 863-4155

◆ = Sertipikado ng Board 🌐 = Nagsanay sa Kahusayang Pang-kultura. Tingnan ang Pahina 13 para sa paglalarawan sa mga code: **♿ P EB IB R E T**

sasakyan, labas at loob ng gusali, mga banyo, at silid pang-eksaminasyon (P, EB, IB, R, at E). Tingnan ang pahina 13 para sa paglalarawan sa mga code: 🌐 **P E B I B R E T**

***Access sa Medikal na Kagamitan***

Natutugunan ng opisina ang pamantayan sa ibaba para sa mga mesang pang-eksaminasyon at timbangan (T).

***Mga Serbisyo sa Bata ng California (CCS)***

Ang mga tagapagkaloob ng CCS ay mga tagapagkaloob na nakakatugon sa mga kinakailangan ng programa ng CCS upang mag-render ng mga serbisyo sa mga kliyente ng CCS.

---

Upang alamin kung available ang mga tagapagbigay ng serbisyo, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng PHC sa (800) 863-4155

◆ = Sertipikado ng Board 🌐 = Nagsanay sa Kahusayang Pang-kultura. Tingnan ang Pahina 13 para sa paglalarawan sa mga code: 🌐 **P E B I B R E T**

Revised Date: March 8, 2019